Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MAYO 28, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr.......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo ......... | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos ......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 084-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NINA G. ARTHUR CABALLES AT ATO LENORIO NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (ONE-COCK ULUTAN) SA MAYO 31, 2007 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO.**

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan nina G. Arthur Caballes at Ato Lenorio na makapagdaos ng pasabong ( one - cock ulutan) sa Argem Sports Coliseum sa Mayo 31, 2007;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa kawanggawa ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Mike Jomel M. Ombico, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang kahilingan nina G. Arthur Caballes at Ato Lenorio na makapagdaos ng pasabong (one-cock ulutan) sa Mayo 31, 2007 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya, Business Permit and License Office at Tagapangulo ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan